Maiksing Form - Ingles (04/04/2023) Tagalog

(Ang form na ito ay dapat may kasamang Eksperimental na
Bill of Rights at dokumento ng pahintulot ng subject na inaprubahan ng IRB)

Pahintulot na Lumahok sa Pinag-aaralang Pananaliksik

Pangalan ng Subject: _____ IRB # ng Pag-aaral: _____

Medikal na Rekord / # ng ID ng Subject: _____

Ikaw o ang iyong anak ay tatanunging lumahok sa isang pinag-aaralang pananaliksik. Ang pinag-aaralang pananaliksik ay tungkol sa kung paanong sinusubukan ng mga siyentipiko (mga doktor, nars at iba pang propesyunal) na unawain kung paano gumagana ang mga bagay at makakuha ng bagong kaalaman. Ang isang pinag-aaralang pananaliksik ay maaaring tungkol sa kung paano gumagana ang katawan, ano ang nagiging sanhi ng mga sakit, paano gagamutin ang mga ito, o kung anong naiisip at nararamdaman ng mga tao tungkol sa ilang bagay.

Bago ka magdesisyon kung ikaw o iyong anak ay lalahok sa pinag-aaralang pananaliksik na ito, dapat sabihin sa iyo ng tagapagsiyasat (i) ang mahalagang impormasyong makakatulong sa iyong maunawaan ang mga dahilan kung bakit ka lalahok o hindi lalahok sa pananaliksik (ii) ang mga layunin ng pinag-aaralang pananaliksik, mga aktibidad na gagawin – tinatawag itong mga pamamaraan, at kung gaano katagal ang pananaliksik; (iii) anumang mga pamamaraang eksperimental (sinusuri); (iv) anumang posibleng mga panganib, discomfort, at benepisyo ng pananaliksik; (v) anumang iba pang potensyal na kapaki-pakinabang na pamamaraan o paggamot; at (vi) kung paano mapapanatili ang iyong privacy; (vii) kung ang natukoy na pribadong impormasyon o matutukoy na mga specimen ay itatago para sa pananaliksik sa hinaharap o ibabahagi sa iba pang mananaliksik nang walang pahintulot para sa iba pang pananaliksik.

Kung saan naaangkop, dapat ding sabihin sa iyo ng tagapagsiyasat ang tungkol sa (i) anumang available na pagbabayad o medikal na paggamot kung may nangyaring pinsala o panganib; (ii) ang posibilidad ng mga hindi matukoy na panganib; (iii) mga sitwasyon kung kailan maaaring itigil ng tagapagsiyasat ang iyong pakikilahok; (iv) anumang karagdagang gastos sa iyo; (v) ang mangyayari kung magpasya kang huminto sa paglahok; (vi) kung kailan ka sasabihan ng tungkol sa mga bagong natuklasang maaaring makaapekto sa iyong pagpayag na lumahok; at (vii) kung gaano karami ang mga tao sa pag-aaral; (viii) ang katunayan na ang iyong mga biospecimen ay maaaring gamitin para sa komersyal na kita at kung makikibahagi ka sa komersyal na kita; (ix) kung ang pananaliksik ay may kasamang buong genome sequencing.

Kung sumasang-ayon kang lumahok, dapat kang bigyan ng pirmadong kopya ng dokumentong ito at kopya ng inaprubahang form ng pahintulot para pag-aaral na isinulat sa Ingles.

Maaari mong tawagan si _____ sa _____ anumang oras na mayroon kang mga katanungan tungkol sa pananaliksik o kung anong gagawin kapag napinsala ka. Kung mayroon kang mga katanungan tungkol sa mga karapatan mo bilang subject sa pag-aaral, maaari mong kontakin ang Institutional Review Board sa (323) 442-0114, sa pamamagitan ng email sa hrpp@usc.edu, o sa pamamagitan ng sulat sa sumusunod na address:

3720 South Flower Street
CUB325 / MC0702
Los Angeles, CA 90089-0702

Boluntaryo ang paglahok mo sa pananaliksik na ito (sarili mong pasya), at hindi ka mapaparusahan o hindi mawawala ang mga benepisyo mo kapag tumanggi kang lumahok o napagpasyahang huminto.

Ang pagpirma sa dokumentong ito ay nangangahulugang ang pinag-aaralang pananaliksik, kabilang ang impormasyon sa itaas, ay nailarawan sa iyo nang pasalita, at boluntaryo kang sumasang-ayong lumahok.

_____	_____
Pirma ng Kalahok	Petsa
_____	_____
Pirma ng Legal na Awtorisadong Kinatawan	Petsa
_____/_____	_____
Naka-print na Pangalan / Pirma ng Testigo	Petsa

Pag-route ng pirmadong mga kopya ng form ng pahintulot: 1) Ibigay sa pamilya; 2) Medikal na Rekord; 3) File ng tagapagsiyasat.

(Ang form na ito ay dapat may kasamang Eksperimental na
Bill of Rights at dokumento ng pahintulot ng subject na inaprubahan ng IRB)